

**OPISYAL NA PAHAYAG**

Hulyo 6, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach,  
562.570.NEWS, [jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov)

Para sa Agarang Pahayag

## **Mga Istatistika sa Pampublikong Kaligtasan sa Linggo ng Ika-apat ng Hulyo**

Long Beach, CA - Hinihikayat ng Lungsod ng Long Beach ang lahat ng mga residente na magdiwang ng ika-4 ng Hulyo ng ligtas sa bahay at pinapaalala sa mga residente na ang lahat ng paputok, kabilang ang mga may tatak na Ligtas at Matino, ay iligal sa Long Beach.

Bago ang Araw ng Kalayaan, ipinagbigay-alam ng Lungsod ang kanilang mensahe na “Ligtas na Ipagdiwang” upang turuan ang publiko tungkol sa mga peligro ng mga paputok pati na rin ang mga kalalabasan ng iligal na pagsindi ng mga paputok. Ngayong taon, nakaranas ang Long Beach at ang rehiyon ng maraming iligal na aktibidad ng paputok.

Maraming mga opsyon sa pag-uulat ng mga paputok ay makikita sa fireworks information hub ng Lungsod, [www.longbeach.gov/fireworks](http://www.longbeach.gov/fireworks). Kasama sa mga pagpipilian na pag-uulat ang pag-email sa lokal na dibisyon ng pulis patrol, pagtawag sa Sentro ng Komunikasyon ng Lungsod, o pagsumite ng reklamo sa pamamagitan ng [Pampublikong Portal ng Reklamo sa mga Paputok](#) ng Prosecutor ng Lungsod, kung saan maaaring i-upload ang mga litrato at video. Mula sa paglulunsad ng portal noong Hunyo 22, higit sa 460 mga reklamo na may kaugnayan sa mga paputok ay naiulat sa Prosecutor ng Lungsod. Ang opisina ng Prosecutor ay nagpadala ng 205 mga liham sa mga adres kung saan ang mga reklamo sa paputok ay nakilala. Ipinagbigay-alam ng mga liham sa mga nakatanggap na ang paglabas ng mga iligal na mga paputok ay bumubuo ng istorbo sa publiko at ang pag-uusig sa ilalim ng seksyon ng California Penal Code 373a (na may hanggang isang taon na kulungan at multa na \$1000) ay maaaring magsimula kung ang pampublikong pag-istorbo ay nagpapatuloy.

Ngayong taon, 808 pound ng mga paputok ang nakumpiska ng mga imbestigador ng Long Beach Fire Department (LBFD) at Long Beach Police Department (LBPD) sa panahon na mga paputok (sa pagitan ng Mayo 22, simula ng katapusang ng linggo ng Araw ng Memorial, at Hulyo 4, 2020) Ang mga paputok ay nakumpiska ng LBFD Investigations Team at ang Bureau ng Alcohol, Tobacco and Firearms (ATF) Arson Unit Task Force para sa ligtas na pagtatapon sa Estado ng California, Opisina ng Fire Marshal. Hiwalay dito, 59 na mga pagsipi na kaugnay sa paputok ang inisyu ng LBPD sa mga indibidwal sa mga linggo na parating sa Araw ng Kalayaan. Noong Hulyo 4, ang pagpapatupad ng pulisya sa buong lungsod ay nagresulta sa 13 pag-aresto ng felony, 10 misdemeanor na pag-aresto at karagdagang 13 pagsipi na kaugnay sa paputok ang inisyu.

Para sa 24 na oras noong Hulyo 4, mayroong 779 nga mga tawag na may kinalaman sa mga paputok sa Dispatch Center ng Lungsod. Para sa 24 na oras noong Hulyo 4, ang Dispatch Center ay nakakita ng 67% na pagtaas sa tawag kumpara sa karaniwang tawag sa isang araw. Ang mga kawani Dispatch Center ay humawak ng 3,854 na mga tawag (parehong 9-1-1 at mga hindi pang-emerhensiya na linya), na nagresulta sa 1,301 na mga tawag-para-serbisyo. Sa paghahambing, sa isang karaniwang araw, ang Dispatch Center ay sumasagot ng humigit-kumulang na 2,301 na tawag (parehong 9-1-1 at ang hindi pang-emerhensiya na linya), at mga 566 tawag-para-serbisyo. Sa mga oras na maraming tumatawag mula 8:30 p.m. hanggang 9:15 p.m., ang Dispatch Center ay nakatanggap ng 449 na mga tawag (parehong 9-1-1 at hindi pang-emerhensiya na linya), na may karaniwang tawag na 10 bawat minuto. Ang mga kawani sa Dispatch Center ay pinalaki ng 40% sa pagitan ng mga oras ng 7 p.m. hanggang 11 p.m. para sa mga inaasahang pagtaas sa dami ng tawag.

Ang mga hindi propesyonal na paputok, tulad ng mga sparkler, ay nagdudulot ng sampu-sampung milyong dolyar taun-taon sa pinsala sa pag-aari, at nagreresulta sa maraming pinsala, ang karamihan sa mga ito ay pinagdudusahan ng mga bata. Ngayong taon, ang LBFD ay rumisponde sa 23 tawag na may kinalaman sa mga paputok, tulad ng sunog ng puno/halaman/damo, sunog na basura at sunog sa bahay/apartment na kaugnay sa paputok.

Alinsunod sa County ng Los Angeles, ang mga beach sa Long Beach ay sinara sa publiko noong linggo ng Ika-apat ng Hulyo. Ang mga kaganapan tulad ng pakita ng paputok, mga parti sa bloke, at iba pang tipo ng malaking pagtitipon ay ipinagbawal.

Bilang karagdagan, ipinag-utos ng Estado ang pagsasara ng mga bar, panloob na kainan at panloob na espasyo sa museo sa County ng Los Angeles sa isang pagsisikap upang limitahan ang pagkalat ng COVID-19. Upang matiyak ang pagsunod sa ipinag-utos na pagsasara at protokol sa kaligtasan, itinatag ng Lungsod ang Venue Task force upang magsagawa ng pang-edukasyon na outreach sa mga negosyo at suriin ang mga negosyo upang mapatunayan ang pagsunod sa Utos ng Kalusugan ng Lungsod.

Mula Hulyo 2 hanggang Hulyo 4, ang task force ay bumisita ng mga 655 na lokasyon, karamihan ay mga bar at restawran, at nag-isyu ng siyam na mga paunawa ng babala ng administratibong pagsipi sa mga negosyo para sa paglabag ng utos. Kritikal para sa mga negosyo na patuloy na sumunod sa lahat ng mga utos at protokol sa kalusugan para sa kaligtasan ng lahat. Upang mag-ulat ng mga paglabag, ang mga tao ay maaaring tumawag sa 562.570.2633 o bumisita sa [www.longbeach.gov/lbds](http://www.longbeach.gov/lbds).

Ang mga tao ay maaaring magpatuloy na mag-ulat ng ilegal na aktibidad ng paputok, na may mga opsyon na mag-upload ng ebidensya, sa [www.longbeach.gov/fireworks](http://www.longbeach.gov/fireworks).

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumisita sa: [longbeach.gov/COVID19](http://longbeach.gov/COVID19) at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###